Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-105 REGULAR NA PAGPUPULONG NG IKA - 8 SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG AGOSTO 24, 2015, IKA – 11:00 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN.

Mga Dumalo:

Kgg. Violeta L. Dimapilis - Tagapagulo
Konsehal Eduardo K. Soriano
Konsehal Johnell C. Siñel
Konsehal Gualberto M. Magno
Konsehal David D. Dela Cruz
Konsehal Ramil O. Dimapilis
Konsehal Elsie F. Galaran
Konsehal Juanito A. Bacay, Jr.
Konsehal Joseph M. Galicia - Pangulo, Liga ng Barangay

Hindi Nakadalo: Konsehal Juan S. Advincula

KAPASYAHAN BLG. 067
Taong 2015

KAPASYANG KINIKILALA ANG SAN MARIANO-BAYAN NG ROXAS TRICYCLE OPERATORS AND DRIVERS ASSOCIATION (SM – BROTODA) BILANG ISA SA MGA LEHITIMONG ORGANISASYONG KUMIKILOS SA BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO.

SAPAGKAT, ang San Mariano – Bayan ng Roxas Tricycle Operators and Drivers Association ay humiling sa Sangguniang Bayan ng Roxas Silangang Mindoro na kilanlin ang kanilang samahan bilang isa sa mga organisasyon na kumikilos sa bayan ng Roxas;

SAPAGKAT, pagkaraang mapag-aralan ang kanilang mga datos at karanasan, nakita ng Sangguniang Bayan Komite ng Kooperatiba na ang SM – BROTODA ay sumunod sa mga itinakdang patakaran at sa gayon ay iginawad ang pagkilala sa kanilang samahan.

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Konsehal Juanito A. Bacay, Jr. na pinangalawahan ni Konsehal Elsie F. Galaran –

IPINASIYA, tulad ng pagpapasiyang ito na kilanlin ang San Mariano – Bayan ng Roxas Tricycle Operators and Drivers Association ng Barangay San Mariano bilang isa sa mga lehitimong organisasyong kumikilos sa Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro.

IPINASIYA RIN na padalhan ng sipi ng kapasyahang ito ang Tanggapan ng Punong Bayan at ang SM-BROTODA para sa kanilang kaalaman.

Pinagtibay: 24 Agosto 2015

PINATUTUNAYANG WASTO:

FERDINAND V. TALENS, MPA
Kalihim Sangguniang Bayan

PINATITIBAYAN:

VIOLETA L. DIMAPILIS
Pangalawang Punong Bayan

PINAGTIBAY:

JACKSON CINCO DY
Punong Bayan

merz/082415

RAMOS
RENATO RAMOS
09.01.2015

FLORENDO MANA